# Mga Madalas Itanong

Para sa Mga Pasyente at Mga Kliyente ng Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County

## Ano ang SMC Connected Care

Ang San Mateo County Connected Care (SMC Connected Care) ay ang Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange, HIE) para sa elektronikong pagbabahagi ng impormasyong may kaugnayan sa kalusugan para sa mga pasyente at kliyenteng nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County.

Ang kakayahang magpalitan ng impormasyon sa kalusugan sa elektronikong paraan ay susi sa pagpapaganda ng kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan at kahusayan sa Estados Unidos. Pinamamahalaan ng SMC Connected Care ang pagbabahagi ng impormasyong may kaugnayan sa kalusugan sa elektronikong mga sistema ng rekord ng kalusugan (electronic health record, EHR) sa Sistemang Pangkalusugan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng ligtas at naka-encrypt na pagpapalitan ng data gamit ang mga pamantayang partikular na binuo para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga taong makaka-access lang at makakakita sa impormasyon ng pasyente ay ang grupong gumagamot na may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan at itinalagang kawani.

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa kalusugan sa elektronikong paraan ay inaalis ang pangangailangan para sa pag-fax, pagkopya at pagdadala ng rekord ng iyong kalusugan sa bawat provider.

Kabilang sa mga kalahok na sangay ng SMCHS ang Sentrong Pangmedikal ng San Mateo (San Mateo Medical Center, SMMC), Kalusugan ng Publiko (Public Health), Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling (Behavioral Health and Recovery Services, BHRS), Mga Serbisyo sa Matanda at Nasa Hustong Gulang (Aging and Adult Services), Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pamilya (Family Health Services) at ang Mobile Clinic.

## Anong mabuting naidudulot ng SMC Connected Care sa akin?

Maraming paraan kung paano maaaring magdulot ng kabutihan sa iyo ang SMC Connected Care at bigyan ka ng pinakamataas na kumpiyansa at kasiyahan sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kabilang sa mga kabutihang ito ang pagtitipid ng iyong oras, pagpapaganda ng iyong pangkalahatang pangangalaga at karanasan, posibleng pagbawas sa mga gastos at pagpapaganda ng iyong pagkapribado sa pamamagitan ng pinakamataas na mga pamantayan ng seguridad.

- Nakakatipid ng Oras ang SMC Connected Care:
  Sa SMC Connected Care, magkakaroon ng mabilis na access ang mga doktor at ibang mga kwalipikadong propesyonal sa kalusugan sa impormasyon ng iyong kalusugan na pinagsama-sama mula sa maraming kalahok na mga organisasyon sa kalusugan. Kapag hindi nakakonekta sa elektronikong paraan ang mga provider ng kalusugan sa impormasyon sa kalusugan na kailangan nila, napipilitan silang gumugol ng oras sa paghahanap at paghingi ng mga papeles sa pamamagitan ng pagtawag at pag-fax para sa impormasyon—mangangahulugan ito sa kaunting oras na malalaan sa pasyente at mga posibleng pagkaantala ng paggamot. Sa SMC Connected Care, hindi na kailangang “maghabol” ng impormasyon ang mga provider. Magkakaroon na sila ng mahalagang impormasyon sa kalusugan na kailangan nila upang gumawa ng mga desisyong batay sa impormasyon tungkol sa iyong plano ng paggamot.

- Pinahuhusay ng SMC Connected Care ang Pangangalaga:
  Sa pamamagitan ng hindi nagbabagong paghahatid ng impormasyon sa kalusugan ng SMC Connected

Care, makakakuha ng mga resulta ang mga doktor at ibang mga provider ng mga resulta at report sa isang pinagsama-samang format, na ginagawang mas kumpleto ang impormasyon ng iyong kalusugan. Bunga nito, pinahuhusay ang pangangalaga sa iyo sa pamamagitan ng mga nabawasang kamalian at pinagandang mga rekomendasyon ng paggamot. Nangangahulugan din ito na hindi mo kailangang tandaan ang mga detalye ng bawat pagpunta sa ospital o gamot na inireseta sa iyo kapag nagpatingin ka sa bagong doktor. Ang lahat ng impormasyong ito ay itatabi ng SMC Connected Care.

- Binabawasan ng SMC Connected Care ang Gastos:
  Sa mas mahusay at malawak na saklaw ng impormasyon, gumaganda ang kalidad ng pangangalaga at nababawasan ang mga dobleng pagsusuri at procedure. Sa ganitong paraan, natitipid ng SMC Connected Care ang oras mo at mababawasan ang iyong mga sariling gastos para sa mga hindi kailangang gamot, pagsusuring may kaugnayan sa radiology, mga pagsusuri sa laboratoryo at mga pagkakaospital.

- Pinagaganda ng SMC Connected Care ang Pagkapribado:
  Napakahalaga ng iyong pagkapribado sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County. Ang aming paggamit ng elektronikong impormasyon sa kalusugan ay nangangailangan ng pinahusay na mga proteksyon sa seguridad nang higit sa kinakailangan para sa mga papel na rekord. Kaya, mas ligtas na ngayon ang impormasyon ng iyong kalusugan at pagkapribado kaysa dati.

## Paano poprotektahan ng SMC Connected Care ang aking pribadong impormasyon?

Gumagamit ang SMC Connected Care ng pinakamataas na mga pamantayan sa teknolohiya ng seguridad na mayroon sa industriya ngayon upang protektahan ang impormasyon ng iyong kalusugan.

Pinoprotektahan ng mga batas ng pederal at estado ang iyong pagkapribado sa pamamagitan ng pagtukoy sa kung sino ang maka-access ng iyong data. Ayon sa mga batas na ito, kailanman ay hindi ibibigay ang impormasyon ng iyong kalusugan sa sinuman bukod sa iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan o mga awtorisadong provider.

Dahil inililipat ang impormasyon ng iyong kalusugan sa elektronikong paraan, susubaybayan ng SMC Connected Care kung saan ipinadala ang impormasyon ng iyong kalusugan upang matiyak na mga provider lang ng iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan ang nakakakita ng iyong impormasyon. Sa tuwing ina-access ng isang clinician ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan, nirerekord ang mga ginawang pagbabago (audit trail). Mahalaga sa Sistemang Pangkalusugan ang iyong pagkapribado, at ang ganitong uri ng pananagutan ay nagbibigay ng karagdagang lebel ng seguridad para sa impormasyon ng iyong kalusugan.

Ini-encrypt ang impormasyon ng iyong kalusugan sa isang uri ng teknikal na wika na maaari lang isalin o i-decrypt ng mayroong awtoridad na gawin ito. Kaya, mga awtorisadong provider lang ang makakabasa ng impormasyon ng iyong kalusugan.

## Ibabahagi ba ng SMC Connected Care ang aking katayuan sa imigrasyon?

Hindi. Hindi nirerekord ang katayuan sa imigrasyon sa isang rekord ng kalusugan at kaya hindi maaaring ibahagi ng SMC Connected Care. Ibabahagi lang ng SMC Connected Care ang impormasyong medikal at

tungkol sa paggamot. Ang karagdagang impormasyon tulad ng address ng iyong tahanan o address para sa sulat ay hindi ibabahagi sa sinumang hindi kabilang sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County nang walang malinaw na pahintulot mo sa pamamagitan ng pagpirma ng isang paglalabas ng impormasyon. Dagdag pa rito, kailanman ang katayuan sa imigrasyon ay hindi kondisyon ng paggamot.

## Kailangan ko bang ibahagi ang aking impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan?

Hindi mo kailangang ibahagi ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong hindi payagang ibahagi ang iyong impormasyon sa SMC Connected Care sa anumang oras. Ang iyong kagustuhang tumangging ibahagi ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng SMC Connected Care ay hindi makakaapekto sa iyong access sa pangangalaga sa Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County sa anumang paraan.

## Anu-ano ang aking mga opsyon sa paglahok sa SMC Connected Care?

Ang paglahok sa SMC Connected Care ay boluntaryo. Bilang isang pasyente o kliyente ng Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County, hinihikayat ka naming gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa impormasyon ng iyong kalusugan ayon sa iyong kagustuhan. Makikita mo sa ibaba ang iyong mga opsyon para sa paglahok sa SMC Connected Care:

- Sumali/Lumahok: Awtomatiko kang isinasama sa SMC Connected Care at wala kang kailangang gawin upang maging isang Kalahok. Kapag mayroon kang appointment sa iyong provider ng pangangalaga, ligtas na ipapadala ang iyong impormasyon sa SMC Connected Care at makikita lang ng mga provider na gumagamot sa iyo.

- Umalis/Umayaw: Kapag Umalis o Umayaw ka, walang isasamang impormasyon mo sa kalusugan sa SMC Connected Care. Sa isang emergency, hindi maa-access ng provider ang anumang bahagi ng iyong medikal na rekord sa SMC Connected Care. Kung aalis o aayaw ka at magbabago ang isip mo, magkakaroon ka ng opsyong sumali o lumahok sa anumang oras.

- Bahagyang Pag-alis/Pag-ayaw: Kapag ikaw ay bahagyang Umalis o Umayaw, maa-access lang ang impormasyon ng iyong kalusugan sa isang emergency, tulad ng pagpunta sa Emergency Room. Sa pangyayaring iyon, bibigyan ng access ang iyong provider para sa pang-emergency na pangangalaga na makita ang impormasyon ng iyong kalusugan para lang sa emergency. Kung Aalis/Aayaw ka at magbabago ang isip mo, magkakaroon ka ng opsyong Sumali Muli/Lumahok sa anumang oras.

## Paano ako “Aalis/Aayaw” sa SMC Connected Care at saan ko ibabalik ang form?

Mayroon kang magagamit na apat na opsyon kung pipiliin mong Umalis/Umayaw sa SMC Connected Care. Pakitandaan: *Walang kailangang gawing aksyon kung pipiliin mong Sumali/Lumahok sa SMC Connected Care*.

- Unang Opsyon: Kumpletuhin ang Opt Out/Withdraw form sa online
  Maaari kang Umalis/Umayaw sa SMC Connected Care sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare. Piliin ang form na tinatawag na “Opt Out/Withdraw Form”. Kumpletuhin ang form at pindutin ang “Save”.

- Pangalawang Opsyon: I-fax ang nakumpletong Opt Out/Withdraw form
  Maaari kang Umalis/Umayaw sa SMC Connected Care sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare. Piliin ang form na tinatawag na "Opt Out/Withdraw Form". I-print ang form. O kaya, sa panahon ng isang paghiling ng pagpunta sa klinika, hilingin sa kawani para sa pagpaparehistro na i-print ang Opt Out/Withdraw form para sa iyo. Kumpletuhin nang buo. I-fax ang form sa:

  **(650) 573-3626**
  **Attn: SMC Connected Care**

- Pangatlong Opsyon: Ipadala sa US Mail ang Opt Out/Withdraw form
  Maaari kang Umalis/Umayaw sa SMC Connected Care sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare. Piliin ang form na tinatawag na "Opt Out/Withdraw Form". I-print ang form. O kaya, sa panahon ng pagpunta sa isang klinika, hilingin sa kawani para sa pagpaparehistro na i-print ang Opt Out/Withdraw form para sa iyo. Kumpletuhin nang buo. Gamitin ang US Mail upang ibalik ang form sa sumusunod na address para sa sulat:

  **Health IT – SMC Connected Care**
  **HLT 362**
  **225 37th Ave.**
  **San Mateo, CA 94403**

- Pang-apat na Opsyon: Ihatid ang nakumpletong Opt Out/Withdraw form sa San Mateo County Clinic kung saan ka nakakatanggap ng pangangalaga
  Maaari kang Umalis/Umayaw sa SMC Connected Care sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare. Piliin ang form na tinatawag na "Opt Out/Withdraw Form". I-print ang form at kumpletuhin nang buo. Dalhin ang nakumpletong form sa San Mateo County Clinic kung saan ka nakakatanggap ng pangangalaga at ibigay sa kawani para sa pagpaparehistro. O kaya, sa panahon ng pagpunta sa isang klinika, hilingin sa kawani para sa pagpaparehistro na i-print ang Opt Out/Withdraw form para sa iyo. Kumpletuhin nang buo. Ibalik ang form sa kawani para sa pagpaparehistro.

Ibabalik ang mga nilalaman na hindi namin mabasa. Aabutin ng hanggang tatlong araw ng negosyo upang maproseso ang iyong kahilingan. Makakatanggap ka ng sulat sa pamamagitan ng US mail na kumukumpirma ng iyong pagpiling Umalis sa paglahok.

Madali kang makakasali muli sa SMC Connected Care sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa www.smchealth.org/connectedcare at pagsagot sa "Opt Back In Form". Maaari mong ibalik ang form gamit ang pipiliin mo sa mga prosesong nakalista sa itaas.

## Anu-ano ang mga panganib kung Aalis/Aayaw ako?

Kung pipiliin mong umalis sa SMC Connected Care, maaaring mawalan ng lahat ng impormasyon ang iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan upang bigyan ka ng pinakaligtas at pinakamahusay na

pangangalagang pangkalusugan.

## Paano ginagamit sa SMC Connect ang impormasyon ng aking kalusugan?

Katulad din ng impormasyon ng iyong kalusugan na nasa papel na rekord, ang impormasyon ng iyong kalusugan sa SMC Connected Care ay pinoprotektahan ng Tuntunin sa Pagkapribado ng Batas sa Kakayahang Maglipat ng Impormasyon at Pananagutan sa Insurance sa Kalusugan ng taong 1996 (Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996, HIPAA).

Sa ilalim ng tuntuning ito, maaari lang ibahagi ang impormasyon ng iyong kalusugan sa:

- Ibang mga doktor at ospital para sa mga layunin ng paggamot
- Mga insurer para sa mga layunin ng pagsingil
- Mga ahensiya ng estado at pederal para sa pag-uulat ng kalusugan (tulad ng mga pagbabakuna at mga rehistro para sa kanser), ayon sa hinihiling ng batas

Kapag tinitingnan ka ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para gamutin, maaari siyang makatanggap ng impormasyon tungkol sa kasaysayan ng iyong kalusugan mula sa ibang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumamot sa iyo dati.

Kung makakatanggap ka ng pangangalaga sa emergency department o ipinasok o lumabas ng ospital, maaabisuhan ng SMC Connected Care ang iyong mga doktor tungkol sa pangyayaring iyon. Sa isang emergency, magagamit din ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang SMC Connected Care upang makipag-ugnayan sa isa't isa upang bumuo ng pinakamagandang plano para sa iyong patuloy na pangangalaga.

## Maaari bang gamitin ang aking impormasyon para sa ibang layunin nang walang pahintulot ko?

Mahalagang maunawaan na hindi maaaring ibigay ang impormasyon ng iyong kalusugan sa iyong employer, gamitin para sa mga pagbebenta o pag-a-advertise, o gamitin para sa anumang ibang layunin nang wala ang iyong pinirmahang pahintulot.

Ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng San Mateo County ay nakatuon sa pangangalaga ng pagkapribado ng aming mga pasyente at kliyente. Ang maaari lang makakita ng iyong impormasyon ay ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na mayroong awtorisadong dahilan para sa medikal na paggamot, paglalabas ng impormasyon na pinirmahan mo o ibang mga lehitimong pangangalaga sa negosyo gaya ng tinukoy sa mga regulasyon ng Pederal at Estado.

## Gagastos ba ako rito?

Libre ang paglahok sa SMC Connected Care.  Higit pa rito, sa pagpapaganda ng kalidad ng pangangalaga at pagbawas sa mga dobleng pagsusuri at procedure, nakakatulong talaga ang SMC Connected Care na pababain ang gastos ng pangangalaga para sa lahat ng nasa komunidad.

## Anong uri ng impormasyon sa kalusugan ang ipinagpapalitan at sino ang makakakita nito?

Ang mga impormasyong ibinabahagi sa iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring kabilangan ng:

- Demograpikong Impormasyon kabilang ang ngunit hindi limitado sa
  - Pangalan
  - Petsa ng Kapanganakan
  - Kasarian
  - Pangunahing Wika
- Taong Kokontakin para sa Emergency
- Provider ng Pangunahing Pangangalaga
- Paunang Direktiba
- Listahan ng gamot
- Mga Alam na Alerhiya
- Mga Hindi Inaasahang Pangyayari o Kasaysayan ng Pagpunta para sa Pangangalagang Pangkalusugan (hal., mga klinika, emergency room, ospital). Maaaring kabilang dito ang mga petsa ng pagpunta, pagsusuri ng sakit at impormasyon ng provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Mga Resulta ng Pagsusuri sa Laboratoryo
- Mga Provider ng Pangkat sa Pangangalagang Pangkalusugan
- Mga Pagbabakuna

## Paano mo poprotektahan ang mga sensitibong impormasyon tulad ng katayuan para sa HIV at impormasyon sa paggamot ng pang-aabuso sa droga o alak?

Patuloy na poprotektahan ang mga sensitibong impormasyon sa kalusugan gaya ng ginagawa rito ngayon. Mga awtorisadong provider lang ng pangangalagang pangkalusugan ang makakakita ng mga sensitibong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang SMC Connected Care ay mayroong karagdagang antas ng proteksyon para sa impormasyong ito kung saan dapat magbigay ng dahilan ang mga clinician kung bakit nila kailangang suriin ang impormasyong ito. Ang lahat ng pagtingin sa mga sensitibong impormasyon ng kalusugan ay ina-audit at ipinapaalam sa kawani ng Namamahala sa Kalidad para suriin ang kaangkupan.

Sa kaganapan ng paggamot para sa mga medikal na emergency, HINDI kailangan ng mga regulasyon ng Pederal at Estado ng hiwalay na paglalabas ng impormasyon na napirmahan ng pasyente/consumer. Nangangahulugan iyon na ang mga clinician sa isang medikal na emergency ay awtorisadong suriin ang lahat ng klinikal na impormasyon na kailangan nila upang magbigay ng naaangkop na pangangalaga. Kung ia-access nila ang impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng SMC Connected Care, kailangan pa rin nilang magbigay ng dahilan para tingnan ang mga sensitibong impormasyon sa kalusugan. Ang kanilang “pangangailangang malaman” binibigyan ng awtorisasyon batay sa kanilang ibinibigay na paggamot sa isang emergency.

## Maaari ba akong humingi ng kopya ng aking impormasyon sa SMC Connected Care?

Hindi pa. Ang SMC Connected Care ay ang unang hakbang ng Sistemang Pangkalusugan ng San Mateo County tungo sa pagsasama ng medikal na impormasyon na nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa mga provider. Ang kakayahan ng mga pasyenteng humingi ng kopya ng kanilang impormasyon sa pamamagitan ng SMC Connected Care ay hindi pa binubuo, ngunit malamang na maging opsyon sa hinaharap.